Republic of the Philippines
Department of Finance
Securities and Exchange Commission
SEC Building, EDSA, Greenhills, Mandaluyong City
Office of the General Counsel

10 November 2011

SEC-OGC Opinion No. 11-45
Rights of stockholder

GINOONG ANTONIO B. GADIANO
Barangay Panacan,
Narra, Palawan

G. Gadiano:

Ito ay patungkol sa inyong sulat sa ating Pangulo kung saan kayo ay nagtatanong kung ano ang maaring maitulong sa inyo at sa inyong pamilya ng iyong pagiging stockholder sa ilang korporasyon. Ang inyong sulat ay inindorso ng Office of the President dito sa amin sa Securities and Exchange Commission ("SEC").

Ayon sa inyong sulat at ang mga kalakip na photocopy ng mga stock certificates, lumalabas na kayo ay isang stockholder ng mga sumusunod na korporasyon:

1. Legaspi Oil Company, Inc.
2. Granexport Manufacturing Corporation
3. San Pablo Manufacturing Corporation
4. Southern Luzon Coconut Oil Mill, Inc.

Ayon sa ating Korte Suprema, ang mahahalagang mga karapatan ng isang stockholder ay ang mga sumusunod:

"a) the right to vote;
b) the right to receive dividends;
c) the right to receive distributions upon liquidation of the corporation; and
d) the right to inspect the books of the corporation."[1]

[1] *Cojuangco, et al. vs. Roxas, et al.* G.R. Nos. 91925 & 93005, 16 April 1991.

Karapatan ng isang stockholder ang makilahok sa pagpapatakbo ng isang kumpanya sa pamamagitan ng pagboto sa *regular* at *special meetings* ng *stockholders*; ang makatanggap ng *dividends*; ang makatanggap ng mga distribusyon kapag ang korporasyon ay magsasara na; at ang karapatang siyasatin ang mga tala ng korporasyon.

Ang pinaka-posibleng tulong na maidudulot ng inyong pagiging *stockholder* sa inyo at inyong pamilya ay ang *dividends* na karapatang matanggap ng isang *stockholder*. Ang *dividends* ay bahagi o parte sa kita ng isang kumpanya na ipinamamahagi *pro rata* sa mga *shareholders* nito. Ito ay karaniwang sa pamamagitan ng *cash* o mga karagdagang *shares of stock*.

Nasabi na ng SEC sa isang opinyon na inilabas noong 27 March 2008 na "ang pwede lang pong tumanggap ng *dividend* mula sa isang korporasyon ay iyong mga *stockholders of record*. Ikaw ay isang *stockholder of record* pag ang iyong pangalan ay nakatala sa *Stock and Transfer Book* ng korporasyon bilang isa sa mga *stockholders* nito. Kung hindi, sa mata ng korporasyon, hindi ka nito *stockholder* at wala kang karapatang tumanggap ng *dividend* mula rito."[2]

Maaari ninyong ipakita ang inyong mga *stock certificate* sa *Corporate Secretary* ng mga korporasyong nakalista sa itaas, para mabigyan kayo ng pagkakataong siyasatin ang *Stock and Transfer Book* ng mga nasabing korporasyon, upang inyong malaman kung kayo nga ay nakalista doon bilang *stockholder*.

Kung ang pangalan ninyo ay nasa *Stock and Transfer Book*, maari kayong tumanggap ng *dividend*. Kung hindi kayo nakalista sa *Stock and Transfer Book*, ngunit mayroon naman kayong pinanghahawakang mga *stock certificate* bilang katunayan ng inyong pagiging *stockholder*, maari ninyong idulog sa korte ang problema.

Gayunman, hindi ibig sabihin na kung ang isang tao ay *stockholder* ay awtomatikong makatatanggap na siya ng *dividend*. Kailangan munang magdeklara ng *dividend* ang *Board of Directors* ng korporasyon, dahil ayon sa Seksyon 43 ng Batas Pambansa Bilang 68, o ang *Corporation Code*, saka lamang puwedeng magdeklara ng *dividend* kapag may sapat na kita ang korporasyon, o ang tinatawag na *unrestricted retained earnings*. Kung mayroon nito, nakasalalay sa pagpapasya ng *Board of Directors* ng kumpanya ang pagdedeklara ng *dividend*.

Sinasabi din sa naturang Seksyon 43 na hindi maaring itago o panatilihin ng isang *stock corporation* ang kita na labis na sa isang daang (100%) porsiyento ng kanilang mga *paid-up capital stock*. Kapag naabot ito, dapat nang magdeklara ng *dividend* ang korporasyon. Kung hindi, maaring ireklamo ang korporasyong ito sa SEC para sa pagpapataw ng karampatang parusa o multa.

Gayunpaman, aming napag-alaman na ang mga korporasyon na inyong inilista sa inyong sulat ay maaaring kasalukuyang sangkot sa mga kaso sa Korte Suprema o Sandiganbayan, at posibleng kasalukuyang hinahawakan ng Presidential

[2] SEC-OGC Opinion No. 08-10, para kay Ginoong Vicente C. Ramirez.

Commission on Good Government (PCGG). Naipabatid na namin sa PCGG ang inyong suliranin. Maari po ninyo silang sulatan sa:

Presidential Commission on Good Government
82 Ric Building, EDSA, Mandaluyong City 1550

Nawa'y nakatulong ang impormasyong aming inihatid.

Gumagalang,

VESPER JULIUS B. GARCIA
Officer-in-Charge

CC: HON. BOBBY V. DUMLAO
Director IV
Office of the President
Presidential Action Center
Minerva St. corner Jose P. Laurel St.,
GAMA Building, Malacañang, Manila

Code No.: GL-AFG-08-08-2011-017